# Pagsusuri sa Bagong Silang na Sanggol:
## Ang isang malusog na simulain tungo sa isang mas malusog na buhay

Hunyo, 2009

### Pagtamo ng pinakamahusay na simulain

Bilang isang bago o isang inang malapit ng manganak, ang kalusugan ng iyong sanggol ay mahalaga para sa iyo.
Para matulungan ang iyong sanggol na matamo ang pinakamahusay na simulain ng buhay at manatiling malusog, ang iyong bagong silang—at ang bawat bagong silang sa Ontario--- ay susuriin sa hindi sa bababa sa 28 na magkakaibang sakit/karamdaman. Bagamat karamihan ng mga sanggol
na may ganitong sakit/karamdaman ay mukhang malusog pagkapanganak,
sila ay maaaring malagay sa peligro ng paagkakaroon ng matinding problema sa kalusugan--- kabilang na ang mga kapansanan sa paglaki, pabalik-balik na sakit, at maging pagkamatay--- kapag ang kanilang sakit/karamdaman ay hindi nasuri at nagamot. Ang maagang pagkatuklas ay maaaring makapagligtas sa buhay ng iyong sanggol, at ang susi sa mabisang panggagamot.

### Maagang pagtuklas tungo sa maagang paggagamot

Bawat isa, ang mga sakit/karamdamang ito ay bihira. Bilang isang grupo, ang mga ito ay maaaring makaapekto sa mga 150 sa kabuuan na humigit kumulang na 140,000 na mga ipinapanganak na saggol sa bawat taon sa Ontario. Kahit na walang kasaysayan ng ganitong mga sakit sa iyong pamilya, ang iyong sanggol ay maaaring nasa panganib pa rin. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga bagong silang sa loob ng mga unang araw ng ng kanilang buhay, ang mga sakit/karamdaman ay maaaring magamot ng maaga, at mabawasan ang pagkakataon ng pagkakaroon ng matinding problema sa kalusugan sa dakong huli ng buhay.

Ang polyetong ito ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa Programa sa Pagsusuri ng Bagong Panganak na Sanggol ng Ontario – (Ontario Newborn Sreening Program - ONSP), at mga sagot sa katanungan na mayroon ka tungkol sa pagsusuri sa mga bagong silang.

### Isang maliit na pagsusuri, nakapagbibigay ng malaking mga benepisyo

Upang magawa ang pagsususri, isang maliit na muwestra ng dugo ang kinukuha sa iyong sanggol sa pamamagitan ng pagtusok sa kanyang sakong. Ang dugo ay iniipon sa isang di-pangkaraniwang manipis na kard at saka ipinapadala sa ONSP para sa pagsusuri. Ikaw ay dapat na mabigyan ng sulat na nagsasaad ng impormasyon kabilang ang numerong basihan (reference number) na nakasulat sa gawing kanan sa bandang itaas na bahagi. Ang numerong ito ay maaring magamit sa pagtukoy sa muwestra ng iyong sanggol. Ang muwestra ng dugo ay maaaring kunin sa kahit anong oras sa loob ng isang araw (24 oras) at pitong araw matapos na ipanganak ang iyong sanggol. Ang pinakamabisang oras na kuhanan ng muwestra ng dugo ay kapag ang iyong sanggol ay nasa pagitan ng dalawang araw (48 oras) at tatlong araw (72 oras) na gulang. Kung ang iyong sanggol ay nasuri bago pa mag-isang araw (24 oras) na edad, Ang iyong tagabigay

Tagalog Catalogue # 011498 Revised February 2009 © Queen's Printer for Ontario

Ontario

ng pangangalagang pangkalusugan ay kailangang ulitin ang pagsusuri sa loob ng limang araw, sa unang pagpapatingin ng iyong sanggol.

## Resulta ng Pagsusuri: Mataas na peligro at mababang peligro

Ang pagsusuri ay nagpapakita lamang kung may mataas o mababang peligro ng sakit/karamdaman mayroon ang iyong sanggol. Mahalagang maintindihan na ang pagsusuri ay hindi nagtatakda ng isang diyagnosis ng sakit/karamdaman, subalit ito ay tumutukoy lamang sa mga sanggol na nangangailangan ng pagsasanguni para sa higit pang pagsusuri.
Sa oras na matanggap ng laboratoryo at masuri ang muwestra ng dugo ng iyong sanggol, isa sa mga sumusunod ay maaaring mangyari:

1. Ang iyong sanggol ay lumalabas na negatibo sa lahat ng mga sakit/karamdaman. Isang ulat ang ipapadala sa pamamagitan ng koreo sa ospital o tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan na nagpadala ng muwestra ng iyong sanggol. Ilalagay ito sa talaang medikal (medical record) ng iyong sanggol. Mahigit 99 porsyento ng sanggol na nasusuri ay nakakatanggap ng "screen negative" (negatibong pagsusuri) na resulta. Ito ay nangangahulugan na may mababang panganib na magkaroon ang iyong anak ng ganitong mga sakit/karamdaman. Sa madalang na pagkakataon, ang pagsusuri sa mga bagong silang ay may malampasan na sanggol na mayroong isa sa ganitong mga sakit/karamdaman.

2. Ang laboratoryo ay maaaring mangangailangan ng bagong muwestra ng dugo. Maaaring ang unang muwestra ay hindi nakuha ng maayos, kulang ang dugo para makumpleto ang pagsusuri, o kaya ay may iba pang naging problema sa muwestra ng dugo. Sa ganitong pagkakataon, tatawagan ng ONSP ang ospital o ang tagapangalaga ng kalusugan na nagpadala ng muwestra ng dugo at hihingan sila ng panibagong muwestra ng dugo. Tatawagan ka ng iyong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan upang ipaalam na ang pagsusuri ng iyong sanngol ay kinakailangang ulitin at iaayos muli ang pagkuha ng panibagong muwestra ng dugo sa iyong sanggol sa lalong madaling panahon.

3. Ang iyong sanggol ay nagpositibo sa isa sa mga kondisyon. Ang isang positibong pagsusuri ay **hindi nangangahulugan agad** na ang iyong sanggol ay may sakit/karamdaman; gayon man, nangangahulugan na ang iyong sanggol ay may mataas na tsansa na may sakit/karamdaman. Isang doktor, genetic counselor (tagapayong panghenetiko) o nars mula sa ONSP ang maaaring makipag-ugnayan sa iyong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan o sa iyo mismo at isasangguni ng ONSP ay iyong anak sa mga doktor sa pang-rehiyong sentro ng panggagamot (regional treatment centre) para sa paniguradong pagsusuring diyagnostiko para malaman kung mayroon sakit/karamdaman ang iyong sanggol. Sa mga ilang kaso, ang mga tagapagbigay pangangalagang pangkalusugan ng ONSP ay nakikipag-ugnayan sa lokal na tagapagbigay pangangalagang pangkalusugan at pamilya upang isagawa ang pagsusuri. Kung isang diyagnosis ay naisagawa, ang iyong sanggol ay mabibigyan ng panggagamot at ang iyong pamilya ay mabibigyan ng pagpapayo.

Ang mga doktor sa sentrong panggagamot ay magbibigay sa mga doktor ng ONSP ng paniguradong impormasyon tungkol sa iyong sanggol. Kasama ditto ang mga impormasyong medikal, aling pagsusuri ang mga isinagawa, mga resulta ng mga pasusuring iyon, at kung mayroon o walang sakit/karamdaman ang iyong sanggol. Ang mga impormasyong ito ay nakakatulong sa ONSP upang masiguro na ang iyong sanggol ay makatanggap ng tama at napapanahon na pag-aalaga. Nakakatulong din upang masiguro na ang ONSP ay nakakabigay ng de-kalidad na serbisyo sa iyong sanggol at sa mga lahat ng sanggol na ipinanganganak sa Ontario. Ang tagapagbigay pangangalagang pangkalusugan sa ONSP ay nagrerepaso sa

mga impormasyong ito at maaaring makipag-ugnayan sa iyo, sa iyong tagapagbigay pangangalagang pangkalusugan, o sa pangrehiyong sentro ng panggagamot, kung mga mga katanungan sila tungkol sa pangangalaga sa iyong sanggo. Maaari mong piliing huwag ibahagi ang mga impormasyong ito, sa ganoong pagkakataon, mangyaring talakayin ito sa iyong tagapagbigay pangangalagang pangkalusugan, isang miyembro ng grupo ng pangangalagang pangkalusugan sa iyong sentro ng panggagamot, at/o makipag-ugnayan sa ONSP.

Ang ONSP ay naglalabas din ng ulat sa koreo sa ospital o sa tagapagbigay pangangalagang pangkalusugan na nagpadala sa muestra ng iyong anak, na ilalagay sa talaang medikal ng iyong sanggol. Mahalagang matandaan na hindi hihigit sa 1 porsiyento ng mga sanggol ang makakatanggap ng isang resultang "positibong pagsusuri" ("screen positive") .

**Ano ang hinahanap sa pagsusuri?**
Ang pagsusuri na ginagawa ng ONSP ay naghahanap sa hindi hihigit sa 28 na sakit/karamdaman na maaaring magdulot ng problemang pangkalusugan sa mga sanggol at mga bata.

**Kasama sa mga sakit/karamdaman ay:**

**Mga sakit/karamdaman sa Metaboliko:** Kapag hindi mametabolisa ng katawan ang mga ilang partikular na sustansiya sa pagkain tulad ng mga taba, protina o mga asukal, maaari itong maipon sa katawan at magdulot ng matinding problema sa kalusugan.

**Mga sakit/karamdaman sa endokrina:** Ang sistema ng endokrina, na responsable sa paggawa ng mga hormone (sustansiya na pangontrol na likha ng organismo), kung minsan ay nakakagawa ng sobra sobra o kakaunting-kakauti na hormone, na humahantong sa sakit o kapansanan sa paglaki.

**Mga sakit/karamdaman sa dugo:** Ang oksiheno ay dinadala sa katawan sa pamamagitan ng hemoglobin na nakikita sa dugo. Kung hindi mabuo ang hemoglobin o hindi maayos, nagkakadiprensiya ang dugo, na humahantong sa problema sa kalusugan kasama ang malalang anemia at mga matinding impeksiyon.

**Cystic Fibrosis:** Isang kondisyon na nagdudulot nitong mucus (malapot na likido) na dumami sa baga, sistema ng pantunaw at ibang mga organo.

## Ano ang ONSP?

Ang Programa sa Pagsusuri ng Bagong Panganak na Sanggol ng Ontario (Ontario Newborn Screening Program ) ay isinasagawa ng Ospital ng Mga Bata ng Silangang Ontario - Children's Hospital of Eastern Ontario (CHEO) sa ilalim ng pangangasiwa ng Ministiya ng Ontario sa Pangkalusugan at Pangmatagalang Pangangalaga - Ontario Ministry of Health and Long-Term Care. Ang ONSP ay tunay na nagbibigay tuon sa pagbibigay ng posibleng pinakamahusay na pagsusuri para sa mga bagong panganak na sanggol sa lahat ng bahagi ng Probinsiya at upang magawa ito kailangan naming mangolekta at kumuha ng isang maliit na muwestra ng dugo galing sa mga sanggol kasama na ang mga ilang impormasyon tungkol sa kanila at sa kanilang pamilya. Ang ONSP ay tunay na nagbibigay tuon sa pagsisinop ng inyong impormasyon para mapangalagaan at maging sikreto ang mga ito, at sumusunod sa mga patakaran na inilalahad ng batas tungkol sa pagkolekta ng mga impormasyong pangkalusugan, ginagamit ang mga impormasyon para sa iyong pangangalaga, pagsusuri at pagsisiyasat, at limitadong pagbubunyag ng yaong impormasyon.

## Gusto mo bang malaman pa?

Para sa karagdagan impormasyon tungkol sa Programa sa Pagsusuri ng Bagong Panganak na Sanggol ng Ontario (Ontario Newborn Screening Program ), makipag-usap sa iyong doktor o kumadrona. Para sa karagdagang detalye, mangyaring bisitahin ang website ng

ONSP sa **www.newbornscreening.on.ca**, o tumawag sa **1-866-532-3161** (TTY 1-800-387-5559).